# الزواج في الإسلام

# ANG PAG - AASAWA SA ISLAM

فلبيني

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بسلطانة
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
E.mail : Sultanah22@hotmail.com
THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & FOREIGNERS GUIDANCE AT SULTANAH
Tel:4240077 Fax:4251005 P.O.Box:92675 Riyadh:11663 K.S.A. E-mail: sultanah22@hotmail.com

ⓒ شعبة توعية الجاليات بالزلفي ، ١٤١٥هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

أحكام النكاح في الإسلام.
٤٠ ص ؛ ١٢ × ١٧ سم
ردمك ٩ - ٢ - ٠ - ٨١٣ - ٩٩٦٠
(النص باللغة الفلبينية)
١. الزواج (فقه إسلامي)     ٢. الخطبة
ديوي ٢٥٤.١١     ١٥/٢٧٥٨

رقم الايداع : ١٥/٢٧٥٨
ردمك: ٩ - ٢ - ٠ - ٨١٣ - ٩٩٦٠

# مصادر الكتاب

الزواج / فضيلة الشيخ محمد بن صالح العثيمين
تنبيهات على أحكام تختص بالمؤمنات/ فضيلة الشيخ صالح الفوزان
منهاج المسلم / فضيلة الشيخ أبو بكر الجزائري
كتاب المرأة المسلمة / فضيلة الشيخ أبو بكر الجزائري
أحكام نكاح الكفار/ حميضي بن عبد العزيز الحميضي
الزواج في الشريعة الإسلامية/ الشيخ عبدالعزيز بن محمد بن داود
الجدار الصلب والمعاول الهشة/ الشيخ عبدالعزيز بن عبدا لله المقبل

# Mga Nilalaman

1. Mga Kondisyon sa Kasal 6
2. Ang Ilang Resulta ng Pag-aasawa 10
3. Mga Tagubilin at Kagandahang Asal Para sa Mag-asawa 11
4. Ang mga Katangian ng Maybahay 12
5. Ang mga Babaeng Bawal Maging Asawa ng Isang Lalaki 13
6. Ang Diborsiyo 18
7. Ang Ilang Resulta ng Diborsiyo 19
8. Ang *Khula`* 21
9. Ang *Khiyar* 22
10. Ang Pag-aasawa ng Hindi Muslim 23
11. Bakit Kailangan ang Diborsiyo 27
12. Ang Polygyny 32

# محتويات الكتاب

١. شروط النكاح
٢. أحكام وآثار النكاح
٣. سنن وآداب الزواج
٤. صفة الزوجة
٥. المحرمات من النساء
٦. الطلاق
٧. الخلع
٨. الخيار في النكاح
٩. لماذا الطلاق؟
١٠. لماذا تعدد الزوجات؟
١١. أحكام نكاح الكفار
١٢. مضار الزواج من الكتابية

# Mga Kondisyon sa Kasal

1. **Ang pagsang-ayon ng lalake at babae**

Hindi matatanggap na pilitin ang lalaki na mag-aasawa sa hindi niya gusto at hindi rin matatanggap na pilitin ang isang babae na mag-asawa sa hindi niya gusto. Ipinagbawal ng Islam na ipaasawa ang isang babae kung walang pagsang-ayon niya. Kaya kapag tumanggi siyang ipaasawa sa isang lalaki, hindi pinahihintulutan ang sinuman, kahit na ang ama niya, na siya ay pilitin.

2. **Ang *wali****

Hindi matatanggap ang kasal kapag wala ang *wali* ng babae ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): **"Hindi matatanggap ang kasal kapag walang *wali*."** Kaya kung sakaling kusang nag-asawa ang babae, ang kasal niya ay walang saysay -- daluhan man niya ang kasal o magtalaga man siya ng isang taong dadalo para sa kanya. Ang *wali* ay kailangang nasa wastong gulang (15 taong gulang o higit pa), may wasto at sapat na pag-iisip, at isang lalaking kabilang sa mga lalaking kamag-anakan ng babae. Ang maaaring maging mga *wali* ng babae ay ang mga sumusunod alinsunod sa pagkakasunod kung sino ang lalong karapat-dapat sa kanila: ang ama, ang taong pinagbilinan ng ama na maging *wali* ng kanyang anak na

*Ang *wali* ay ang kumakatawan sa babae na maaaring kanyang ama o malapit na kamag-anak o tumatayong magulang.

babae, ang lolo sa ama, ang lolo sa tuhod saka ang ama ng lolo sa tuhod pataas, ang kanyang anak na lalaki, ang mga anak na lalaki ng kanyang mga anak na lalaki at saka ang mga lalaking kaapu-apuhan ng mga ito, ang kanyang lalaki sa ama, ang mga anak na lalaki ng mga kapatid na kapatid na lalaki sa ama't ina, ang kanyang kapatid na lalaki sa ama't ina, ang mga anak na lalaki ng mga kapatid na lalaki sa ama, ang tiyuhing kapatid sa ama't ina ng ama, ang tiyuhing kapatid sa ama ng ama, at ang kanilang mga anak na lalaki. Ang pipiliin sa mga ito ay ang lalong malapit niyang mga kamag-anak.

Kailangang humingin muna ng kapahintulutan ang *wali* sa babae bago niya ito ipaasawa. Ang dahilan kung bakit kailangang may *wali* ang isang babae ay upang hadlangang gawing dahilan ang kasal para gumawa ng pangangalunya* sapagkat magagawa ng isang lalaking may balak mangalunya na sabihin sa babae na: "ipakasal mo ang iyong sarili sa akin." at mapasang-ayon ang babae na magpakasal sa kanya nang walang *wali*. At ang kasal na ilegal na ito ay maaari pang saksihan ng dalawa sa kanyang kaibigan o ng ibang tao para magmukhang legal.

Hindi maaaring maging *wali* ng isang babaeng Muslim ang lalaking hindi Muslim kahit ama pa niya ito o isang malapit na kamag-anak. Hangga't maaari, ang *wali* ng

---

*Ang pangangalunya sa Islam ay ang pagtatalik ng lalaki at babaeng hindi kasal sa isa't isa. Ang kasal na wala ang *wali* ng babae ay huwad at hindi tunay na kasal kaya ang kanilang pagtatalik ay itinuturing na pangangalunya.

babaeng Muslim o naging Muslim ay ang lalaki niyang kamag-anak na nabanggit sa itaas. Kung wala ni isa mang Muslim sa mga ito, ang isang hukom na Muslim -- sa hukuman ng pamahalaan o ng *Sharee`ah* -- o ang isang institusyong pang-Islam ang siyang tatayong *wali* ng babaeng ito.

3. **Ang dalawang lalaking saksi**

Kailangang saksihan ng mga lalaking Muslim na makatarungan, dalawa o higit pa, ang pagdaraos ng kasal. Kailangang ang mga saksing ito ay mga taong mapagkakatiwalaan at umiiwas sa mga kasalanang mortal gaya ng pangangalunya, pag-inom ng alak, at iba pang mga kasalanang mortal.

4. **Ang obligasyong magbigay ng *mahr****

Ang mainam sa *mahr* ay ang maliit na halaga at ang lalong maliit ay mas lalong mainam. Ang *mahr* ay tinatawag ding *sadaq*. Itinatagubiling banggitin ang halaga o uri ng *mahr* sa pagdaraos ng kasal at ibigay kaagad sa sandaling iyon. Maaari ring ibigay ang *mahr* o ang nalalabing bahagi nito sa napagkasunduang panahon matapos na mairaos ang kasal. Kung sakaling diniborsiyo ng lalaki ang kanyang maybahay bago may namagitang pagtatalik sa kanila, kukunin ng babae ang kalahati ng *mahr*. At kung sakali

---

* Ang *mahr* ay ang tinatawag sa Tagalog na dote o bigay-kaya. Ito ay ibinibigay ng lalaki sa babaeng kanyang mapangangasawa at hindi para sa magulang o kamag-anak ng babae.

namang namatay ang lalaki bago may namagitang pagtatalik .sa kanya at sa babae matapos mairaos ang kasal, may karapatan ang babae na magmana sa lalaking ito at ang buong *mahr* ay mapupunta sa kanya.

## Ang Paraan ng Pagkakasal

Ang kasal sa Islam ay magaganap matapos na magkasundo ang lalaki at ang *wali* ng babae sa kondisyong sasang-ayon din ang babae. Lalong mainam kung gaganapin ang kasal sa ganitong paraan:

1. Ang paghiling ng lalaki sa *wali* ng babae na ito ay ipaasawa sa kanya
2. Ang pagsang-ayon naman ng *wali* ng babae sa kahilingang ito
3. Ang pagtanggap ng lalaki na aasawahin niya ang babae.

Sa pagdaos ng kasal, kailangang ito ay daluhan ng hindi bababa sa dalawang saksing lalaki. Matapos nito, ang lalaki't babae ay naging mag-asawa na sa mata ng batas ng Islam. (Ipinahihintulot na kumuha ang lalaki ng isang tao (lalaki) upang kumatawan sa kanya.)

Ang pagkuha ng marriage license ay para lamang upang kilalanin ng pamahalaan na ang kasal ay legal at tunay.

## Ang Ilang Resulta ng Pag-aasawa

1. **Ang Pagsusustento**

Tungkulin ng asawang sustentuhan sa pagkain, pananamit, at tirahan ang kanyang maybahay, ayon sa kanyang kakayahang financial. Kaya kung nagmamaramot ang lalaki sa pagsusustento sa kanyang maybahay, siya ay nagkakasala at may karapatang kumuha ang kanyang maybahay ng sapat na halagang pantustos sa pangangailangan nito buhat sa kanyang ari-arian o salapi o hindi kaya'y mangutang at ang asawa ang siyang pagbabayarin. Tungkulin din ng lalaking gumastos para sa handa para sa mga inanyayahang dumalo sa kasalan. Ang paghahanda ay itinatagubiling gawin sapagkat ginawa ito ng Propeta (SAS) at ipinag-utos niyang gawin ito.

2. **Ang Pagmamana.**

Kapag nakasal nang tunay ang lalaki't babae, magkakaroon ng karapatan ang bawat isa sa kanila na magmana kapag namatay ang alin man sa kanila ayon sa sinabi ni Allah: ***"May karapatan kayo sa kalahati ng mga naiwan (na ari-arian) ng inyong mga maybahay kung wala silang anak; subalit kung may naiwan silang anak, mapupunta sa inyo ang ika-apat na bahagi ng naiwan nila matapos ikaltas ang isang pamanang kanilang isinaad sa huling habilin o ang pambayad ng utang. At may karapatan sila (mga maybahay) sa ika-apat na bahagi ng mga naiwan (na ari-arian) ninyo kung wala kayong anak; subalit***

***kung may naiwan kayong anak, mapupunta sa kanila ang ika-walong bahagi ng naiwan ninyo matapos ikaltas ang isang pamanang inyong isinaad sa huling habilin o ang pambayad ng utang. . . "*** (4:12) Kaya nagtalik man sila o hindi, nagsama man sila o hindi; magmamana pa rin sila sa isa't isa.

## Mga Tagubilin at Kagandahang Asal Para sa Mag-asawa

1. Itinatagubiling ipagbigay alam ang kasal (sa pamamagitan ng pagdaraos ng handaan pagkatapos ng kasal). Itinatagubilin ding ipanalangin ang bagong kasal at sabihin sa lalaki o sa babae: "Pagpalain ka ni Allah at nawa'y pagsamahin niya kayo sa ginhawa."

2. Itinatagubilin sa mag-asawa na sabihin ang panalanging ito sa tuwing bago magtatalik: ***"allahumma jannibnash shaytana wa jannibish shaytana ma razaqna."*** (Ang kahulugan nito sa Tagalog ay: "O Allah, ilayo Mo po si Satanas sa amin at ilayo mo pa siya sa anak na ipagkakaloob Mo sa amin."

3. Kasuklam-suklam para sa mag-asawa na ipagsabi nila ang mga bagay-bagay tungkol sa kanilang pagtatalik.

4. Ipinagbabawal (*haram*) sa lalaki na makipagtalik sa kanyang maybahay kung ito ay may regla o *nifas* at hanggang hindi ito nakakapaligo matapos magkaroon ng regla o *nifas*.

5. Ipinagbabawal na makipagtalik sa butas ng puwit ng babae sapagkat ito ay isa sa mga kasalanang mortal na ipinagbabawal ni Allah.

6. Hindi pinahihintulutang gumamit ng *contraception* ang babae kung walang kapahintulutan ng kanyang asawa, kung makasasama sa kanya, at kung hindi naman talagang kailangan. Hindi rin maaaring gamitin ang *withdrawal method** kung walang kapahintulutan ng maybahay at kung hindi naman talagang kailangan.

## Ang mga Katangian ng Maybahay

Ang pag-aasawa ay may dalawang layunin: para sa ikasisiya ng mag-asawa at para sa pagbuo ng mabuting pamilya at malusog na lipunan. Alinsunod dito, ang babaeng nararapat asawahin ay ang babaeng makatutugon sa dalawang layuning ito. Ang babaeng ito ay nagtataglay ng panlabas at panloob na kagandahan. Ang kagandahang panlabas ay ang kagandahan ng anyo. Ang kagandahang panloob naman ay ang kagandahan ng pagsunod niya sa kanyang pananampalataya at ang kagandahan ng kanyang asal. Kung makapag-aasawa ng ganitong babae na nagtataglay ng kagandahang panlabas at kagandahang panloob, ito ang tunay na kaganapan at kaligayahang

---

*Ang *withdrawal* o *withdrawal method* ay isang pamamaraan ng pag-iwas na magbuntis ang babae. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng paghugot ng ari ng lalaki kapag pakiramdam niyang malapit nang pumulandit ang kanyang punlay o semen para palabasin sa labas ng sinapupunan ng babae.

kaloob ni Allah. Dapat ding maging masigasig ang babae sa pagpili ng mabuting lalaki at may takot sa Diyos.

## Ang mga Babaeng Bawal Maging Asawa ng Isang Lalaki

May dalawang klase ng mga babaeng bawal maging asawa ng lalaki: ang mga babaeng ipinagbawal magpakailan man na maging asawa at ang mga babaeng ipinagbawal pansamantala na maging asawa.

**I. May tatlong uri ang mga babaeng bawal maging asawa ng isang lalaki magpakailan man:**

**1. Ang mga babaeng ipinagbawal maging asawa ng isang lalaki magpakailan man dahil sa dugo (mga kamag-anak sa dugo).** Sila ay pito at binanggit ni Allah sa Qur'an: ***"Ipinagbawal sa inyo na asawahin ang inyong mga ina, ang inyong mga anak na babae, ang inyong mga kapatid na babae, ang inyong mga tiyahin sa ama, ang inyong mga tiyahin sa ina, ang mga anak na babae ng inyong kapatid na lalaki, ang mga anak na babae ng inyong kapatid na babae . . ."*** (4:23)

﴿حرمت عليكم أمهـٰتكم وبناتكم وأخوٰتكم وعمـٰتكم وخـٰلـٰتكم وبنات الأخ وبنات الأخت وأمهـٰتكم الـٰتى أرضعنكم

﴾ النساء ٢٣

A. Kabilang sa ***"mga ina"*** ang nanay at ang mga lola sa ama't ina.

B. Kabilang sa ***"mga anak na babae"*** ang mga anak na babae, ang mga anak na babae ng anak na lalaki, ang mga anak na babae ng anak na babae, at ang mga babaeng kaapu-apuhan nila.

C. Kabilang sa ***"mga kapatid na babae"*** ang mga kapatid na babae sa ama't ina, ang mga kapatid na babae sa ama, at ang mga kapatid na babae sa ina.

D. Kabilang sa ***"mga tiyahin sa ama"*** ang mga tiyahin sa ama, ang mga tiyahin sa ama ng kanyang ama, ang mga tiyahin sa ama ng kanyang mga lolo, ang mga tiyahin sa ama ng kanyang ina, at ang mga tiyahin sa ama ng kanyang mga lola.

E. Kabilang sa ***"mga tiyahin sa ina"*** ang mga tiyahin sa ina, ang mga tiyahin sa ina ng kanyang ama, ang mga tiyahin sa ina ng kanyang mga lolo, ang mga tiyahin sa ina ng kanyang ina, at ang mga tiyahin sa ina ng kanyang mga lola.

F. Kabilang sa ***"mga anak na babae ng kapatid na lalaki"*** ang mga anak na babae ng kanyang kapatid na lalaki sa ama't ina, ang mga anak na babae ng kapatid na lalaki sa ama, ang mga anak na babae ng kapatid na

lalaki sa ina, at ang mga babaeng kaapu-apuhan ng kanilang mga anak na lalaki't babae.

G. Kabilang sa ***"mga anak na babae ng kapatid na babae"*** ang mga anak na babae ng kapatid na babae sa ama't ina, ang mga anak na babae ng kapatid na babae sa ama, ang mga anak na babae ng kapatid sa ina at ang mga babaeng kaapu-apuhan ng kanilang mga anak na lalaki't babae.

**2. Ang mga babaeng ipinagbawal maging asawa ng isang lalaki magpakailan man dahil sa gatas (kamag-anak sa gatas).**

Sila ay katulad ng mga babaeng ipinagbawal maging asawa ng isang lalaki magpakailan man dahil sa dugo (kamag-anak sa dugo). Ang sabi ng Propeta (SAS): **"Ang kamag-anak sa gatas na ipinagbababawal asawahin ay katulad sa kamag-anak sa dugo na ipinagbababawal asawahin."**

قال صلى الله عليه وسلم: ((... يحرم من الرضاع ما يحرم من النسب.))

Subalit may mga kondisyon bago magkaroon ng mga kamag-anak sa gatas ang isang tao. Ang mga kondisyong ito ay ang mga sumusunod:

A. Kinakailangang sumuso ang isang sanggol (babae man o lalaki) nang limang beses o higit pa sa isang babaeng hindi nito ina. Kaya kung sakaling sumuso nang apat na beses lamang o mababa pa ang isang

sanggol, ang babaeng sinusuhan ay hindi magiging ina nito sa gatas.

B. Kinakailangang ang pagpapasuso ay bago magdalawang taon ang sanggol. Ang ibig sabihin nito'y kinakailangang ang limang pagpapasuso ay bago magdalawang taon ang sanggol. Kaya kung ang limang beses na pagpapasuso ay pagkatapos magdalawang taong gulang ang bata o ang limang pagpapasuso ay sinimulan bago magdalawang taon at natapos matapos magdalawang taon, ang babaeng nagpasuso ay hindi magiging ina nito sa gatas.

Kaya kapag ang isang sanggol ay sumuso nang limang beses o higit pa bago siya nagdalawang taong gulang, ang babaeng nagpasuso sa kanya ay magiging ina niya; ang asawa ng babae ay magiging ama niya; ang mga anak nila ay magiging kapatid niya; ang mga anak ng asawa ng babae sa ibang babae ay magiging kapatid din niya. Sa puntong ito, dapat malaman na ang mga kamag-anak sa dugo ng batang pinasuso, maliban sa mga magiging anak ng batang ito, ay walang kaugnayan sa mga naging kamag-anak nito sa gatas.

### 3. Ang mga Babaeng Bawal Maging Asawa Dahil Naging mga Asawa ng mga Malapit na Kamag-anak

A. Ang mga maybahay ng mga tatay at mga lolo. Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, kahit na hindi siya nakipagtalik dito, ang babaeng ito ay bawal nang maging asawa ng kanyang mga anak na lalaki, ng

mga anak na lalaki ng kanyang mga anak na lalaki't babae, at ng mga kaapu-apuhang lalaki nila.

B. Ang mga maybahay ng mga anak. Kapag nakasal ang lalaki sa isang babae, kahit na hindi siya nakipagtalik dito, ang babaeng ito ay bawal nang maging asawa ng kanyang ama, ng kanyang mga lolo sa ama o sa ina, at ng kanyang mga kanunununuan.

C. Ang ina at mga lola sa ama o sa ina ng kanyang maybahay. Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, kahit na hindi siya nakipagtalik dito, ang ina at ang mga lola ng babaeng ito ay bawal nang maging asawa niya.

D. Ang mga anak na babae at ang mga apong babae ng anak na lalaki't babae ng maybahay. Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae at nakipagtalik siya rito, ang mga anak na babae at mga apong babae nito sa anak na lalaki't babae, at mga kaapu-apuhang babae ng kanilang mga anak na lalaki't babae ay bawal nang maging asawa ng lalaking ito kahit na ang mga babaeng ito ay mga anak o inapo sa naunang asawa ng babaeng ito o sa naging asawa nito nang sila ay nagkahiwalay. Subalit kung nang nagkahiwalay sila nito ay walang pagtatalik na nangyari sa kanila, ang mga anak na babae, mga apong babae, at mga kaapu-apuhang babae ng babaeng ito ay hindi bawal maging asawa ng lalaking ito.

## II. Ang mga babaeng pansamantalang ipinagbawal na maging asawa

A. Ang kapatid na babae at tiyahin sa ama o sa ina ng maybahay hanggang hindi sila ipinaghiwalay ng kamatayan o diborsiyo at natapos ang *iddah* nito.
B. Kapag ang babae ay nasa sandali ng *iddah*, pinagbabawalan ang sino mang lalaki na siya ay asawahin o mag-alok ng kasal sa kanya hanggang hindi natatapos ang *iddah* niya.
C. Ang babaeng nagsasagawa ng *hajj* o *umrah*. Hindi maaaring magpakasal sa kanya at hindi rin maaaring mag-alok ng kasal ang sinuman hanggang hindi niya natatapos ang pagsasagawa ng *hajj* o *umrah*.

## Ang Diborsiyo

Kung tutuusin ang diborsiyo sa Islam ay isang kasuklam-suklam na bagay at ayon sa Hadith: **"Sa lahat ng ipinahintulot ang diborsiyo ang kasuklam-suklam kay Allah."**

ورد في الحديث: (( أبغض الحلال إلى الله الطلاق.))

Subalit yaman din lamang na kung magkaminsan ang diborsiyo ay hindi maiiwasan bunga na rin ng kapinsalaang naidudulot sa babae sa pananatili niya sa piling ng lalaki o bunga na rin ng kapinsalaang dulot ng babae sa lalake o kung maging ano pa man ang layunin o dahilan, isang malaking kagandahang loob buhat kay Allah na Kanyang ipinahintulot ang diborsiyo sa

Kanyang mga lingkod. Kaya kung kinasusuklaman ng lalaki ang kanyang maybahay at hindi na niya matiis na makapiling ito, walang masama kung diborsiyuhin niya ito subalit kailangang isaalang-alang niya ang mga sumusunod:

1. Na hindi niya didiborsiyuhin ang kanyang maybahay habang ito'y may regla. Kapag diniborsiyo niya habang ito ay may regla, sinuway niya si Allah at ang Sugo (SAS) at nakagawa siya ng isang ipinagbabawal. Kaya sa sandaling iyon, kinakailangang balikan niya ang kanyang maybahay at panatilihin ito sa kanyang piling hanggang sa matapos ang regla nito at saka niya diborsiyuhin ito kung nais niya. Ngunit mas mainam na hayaan niya muna itong magregla sa ikalawang pagkakataon at kapag natapos na ang regla nito ay nasa kanya na kung pananatilihin niya ito sa kanyang piling o diborsiyuhin ito kung nais niya rin; at
2. Na hindi niya didiborsiyuhin ang kanyang maybahay sa panahong ito ay wala ngang regla ngunit nakipagtalik naman siya rito sa panahon ding ito hanggang hindi niya natitiyak na ito'y nagdadalang-tao o hanggang sa ito ay hindi nagkaroon muli ng regla at saka natapos ang reglang ito.

## Ang Ilang Resulta ng Diborsiyo

Yaman din lamang na ang diborsiyo ay ang pakikipaghiwalay sa maybahay, ito ang ilan sa mga patakarang susundin bunga ng diborsiyong ito:

1. Tungkulin ng babaeng magsagawa ng *iddah* kung nagtalik man sila ng lalaki o nagsama nang walang pagtatalik. Subalit kung nang diborsiyuhin ang babae ng kanyang asawa ay nang bago may namagitang pagtatalik sa kanilang mag-asawa o nagsama nang walang pagtatalik, hindi na kailangang magsagawa ng *iddah* ang babae. Ang *iddah* ay ang panahon na hindi maaaring mag-asawa ang isang babaeng diniborsiyo o namatayan ng asawa. Ang *iddah* ng babaeng diniborsiyo ng kanyang asawa ay tatlong pagreregla kung nireregla pa ang babae at tatlong buwan kung hindi na nireregla o hindi pa nireregla ang babae. Ang *iddah* ng babaeng namatayan ay apat na buwan at sampung araw. Ngunit kapag ang babae ay diniborsiyo o namatayan ng asawa habang siya ay nagdadalang-tao, ang kanyang *iddah* ay natatapos pagkasilang niya ng sanggol. Ang dahilan kung bakit may *iddah* ay upang mabigyang pagkakataon ang mag-asawa na makapagbalikan at upang matiyak din kung buntis ang babae o hindi.

2. Bawal sa isang lalaki na muling asawahin ang dati niyang maybahay kung ito ay diniborsiyo na niya ng tatlong beses. Ang ibig sabihin nito'y kapag diniborsiyo niya ang babae sa unang pagkakataon at saka binalikan ito sa panahon ng *iddah* o pinangasawa niya ito pagkatapos ng *iddah* at pagkatapos ay diniborsiyo na naman niya ito sa ikalawang pagkakataon at saka binalikan sa panahon ng *iddah* o pinangasawa niya ito pagkatapos ng *iddah* at pagkatapos ay diniborsiyo na

naman niya ito sa ikatlong pagkakataon. Pagkatapos ng ikatlong diborsiyo ay hindi na niya muli pang maaasawa ang dati niyang maybahay hanggang hindi ito diniborsiyo ng ibang lalaking nagpakasal dito nang tunay na kasal at nakipagtalik dito. Ang pagbabawal ni Allah na muling mapangasawa ng lalaki ang dati niyang maybahay na diniborsiyo niya nang tatlong beses ay bilang habag sa mga babaeng inaabuso ng kanilang mga asawa.

## Ang *Khula'*

Ang *khula'* ay ang paghingi ng diborsiyo ng babaeng umayaw sa kanyang asawa sa pamamagitan ng pagbigay rito ng kabayaran upang ito ay sumang-ayon. Kung ang asawa ang siyang umayaw at gusto niyang hiwalayan ang kanyang maybahay, wala siyang karapatan na tumanggap ng anumang halaga buhat sa babae. Kailangang pagtiisan o diborsiyuhin na lamang niya ang kanyang maybahay. Hindi dapat na humingi ng *khula'* ang isang babae maliban na lamang kung siya ay nagdurusa sa piling ng kanyang asawa at hindi na niya matiis na manatili pa sa piling nito. Hindi naman pinahihintulutan ang lalaki na sadyang pagdusahin ang kanyang maybahay nang sa gayon ay humiling ito ng *khula'*. (Kapag naganap ang *khula'*,) makabubuting hindi kukuha ang lalaki sa babae ng halagang higit pa sa halaga ng ibinigay niyang *mahr* dito.

## Ang *Khiyar*

Ang *khiyar* ay ang karapatan ng mag-asawa na panatilihin ang kanilang kasal o pawalang-bisa ito kapag may lumitaw na isang kadahilanan buhat sa maraming kadahilanan. Halimbawa'y kinakitaan ng asawa ang kanyang maybahay o kinakitaan ng maybahay ang kanyang asawa ng karamdaman o kapinsalaan sa katawan na hindi nilinaw sa lalaki o sa babae habang idinadaos ang kasal, kapag nagkaganito, ang una ay may karapatang magpasya kung pananatilihin ang kasal o pawalang-bisa ito. Naririto pa ang ilang mga halimbawa:

1. Kung kapwa sila baliw o dinapuan ng karamdaman na siyang dahilan kung bakit hindi matamo nang lubusan ng isa sa kanila ang karapatan niya bilang asawa o maybahay. Ang hindi baliw o ang walang karamdaman ay may karapatang humiling na pawalang-bisa ang kasal. Kung ito ay naganap bago nagkaroon ng pagtatalik, may karapatan ang lalaking bawiin ang *mahr* na ibinigay niya sa babae. Kung ito ay nangyari matapos magkaroon ng pagtatalik, hindi na mababawi ang *mahr*. Ayon naman sa ibang pantas ng Islam, babawiin ng lalaki ang katumbas na halaga ng *mahr* sa taong nakaaalam sa kasiraan ng babae ngunit ang tao pang ito ang siyang nanlinlang sa kanya.
2. Ang kawalang-kakayahan ng lalaki na magbayad ng *mahr*. May karapatan ang babaeng humiling na pawalang-bisa ang kasal kung bago nagkaroon ng pagtatalik sa pagitan nila ng lalaki. Subalit kung may

namagitan nang pagtatalik sa kanilang dalawa, wala na siyang karapatang hilingin iyon. (Maaari siyang humiling ng *khula'* kung nais pa rin niyang makipaghiwalay sa kanyang asawa dahil nabigo itong magbigay ng *mahar*.)

3. Ang kawalang-kakayahang sumustento para sa pangangailangan. Kung nawalan ng kakayahan ang isang lalaki na sumustento sa pangangailangan ng kanyang maybahay, ang kanyang maybahay ay maghihintay ng ilang panahon hanggang kaya nito at pagkatapos nito ay may karapatan na ang maybahay na humiling na pawalang-bisa ang kasal sa pamamagitan ng hukuman

4. Kapag nawala ang asawa at hindi malaman ang kanyang kinaroroonan at hindi siya nag-iwan ng pangsustento sa pangangailangan ng kanyang maybahay ni nagbilin sa isang tao upang ito ang sumustento sa pangangailangan ng kanyang maybahay (habang wala siya) at wala ring sinumang gumugugol para sa kanyang maybahay at wala rin itong maipanggugugol para sa sarili na masisingil naman nito sa kanya (sa pagbalik niya), kapag ganito ang kalagayan ay maaari nang humiling ang babae na pawalang-bisa ang kasal sa pamamagitan ng hukom ng *Shari'ah Court*.

## Ang Pag-aasawa ng Hindi Muslim

Ipinagbabawal (*haram*) para sa lalaking Muslim na mag-asawa ng isang babaeng hindi Muslim na hindi rin

Kristiyano o Hudyo. Hindi rin pinahihintulutan ang isang babaeng Muslim na mag-asawa ng isang lalaking hindi Muslim maging ito man ay isang Kristiyano o Hudyo o maging ano pa man ang pananampalatayang kinaaaniban nito.

Hindi ipinahihintulot sa isang babae na naging Muslim na makipagtalik sa kanyang asawang hindi Muslim. Narito ang ilang mga patakaran hinggil sa kasal ng mga hindi Muslim:

1. Kung ang mag-asawa ay sabay na pumasok sa Islam, ang kanilang kasal ay tanggap maging iyon man ay kasal sa simbahan o sa huwes hangga't walang hadlang -- na alinsunod sa batas ng Islam -- upang sila'y magsama. Halimbawa ng hadlang sa kanilang pagsasama ay kung ang babae ay ipinagbabawal na maging asawa ng lalaki;
2. Kung pumasok sa Islam ang asawa ng isang babaeng Kristiyano o Hudyo, ang kanilang kasal ay tanggap maging iyon man ay kasal sa simbahan o huwes;
3. Kung pumasok sa Islam ang isa sa mag-asawang kapwa hindi Kristiyano o Hudyo, nawalan na ng saysay ang kanilang kasal;
4. Kung pumasok sa Islam ang maybahay ng lalaking hindi Muslim na hindi rin Kristiyano o Hudyo o maging ano pa man ang kinaaanibang relihiyon nito, nawalan na ng saysay ang kanilang kasal sapagkat ang babaeng Muslim o naging Muslim ay hindi ipinahihintulot na maging maybahay ng lalaking hindi Muslim;

5. Kung pumasok sa Islam ang maybahay ng isang lalaking hindi Muslim matapos na may namagitang pagtatalik sa kanila, magsasagawa ng *iddah* ang babae at mapapagpasyahan ang kahihinatnan ng kanilang kasal pagkatapos ng *iddah*. Mawawalan ng saysay ang kanilang kasal kung hindi pumasok sa Islam ang lalaki pagkatapos ng iddah at may karapatan na ang babae na magpakasal sa kanino mang lalaking Muslim na naisin niya; ngunit kung nanaisin naman ng babae na hintaying pumasok sa Islam ang lalaki ay maaari rin. Kung pumasok naman sa Islam ang lalaki (bago natapos ang *iddah* ng babae), ang babae ay mananatiling maybahay niya at hindi na kailangang ng panibagong kasal; at
6. Kung pumasok sa Islam ang lalaki at babaeng magka-*live in* o kahit ang lalaki lang sa dalawang ito, kailangan nilang magpakasal ng kasal ng Islam kung nais pa nilang magsama. Ang mga naging anak nila, bago pumasok sa Islam, ay ituturing na mga lehitimong anak.
7. Kung tumalikod sa Islam ang maybahay bago may namagitang pagtatalik sa kanila, ang kanilang kasal ay wala nang saysay at wala siyang tatanggaping *mahr*; ngunit kung ang asawa ang siyang tumalikod sa Islam, mawawalan din ng saysay ang kanilang kasal at kailangan pang magbigay ang lalaki sa babae ng katumbas sa kalahati ng mahr na kanilang napagkasunduan. Kung muling manumbalik sa Islam ang isa man sa kanila, hindi na nila kailangan ang

panibagong kasal kung walang namigitang diborsiyo sa kanilang dalawa.

## Ang Pag-aasawa ng Kristiyano o Hudyo

Nang ipinahintulot ni Allah ang pag-aasawa, ang nilalayon Niya roon ay ang pabutihin ang kaasalan, linisin ang lipunan sa mga bisyo, pangalagaan ang moralidad, itatag ang isang dalisay na sistemang islamiko para sa lipunan, at palitawin ang isang sambayanang Muslim na sumasaksi na walang ibang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah. Hindi maisasakatuparan ang mga mithiing ito kung hindi mapangangasawa ang isang matuwid na babaeng Muslim na relihiyosa, marangal, at nagtataglay ng mabuting kaasalan. Tungkol naman sa maaaring mga maging bunga at mga masamang maidudulot ng pag-aasawa ng isang lalaking Muslim sa babaeng Kristiyano o Hudyo, narito ang ating maikling paglalahad nito:

1. **Sa loob ng pamilya:** Sa loob ng maliit na pamilya, kung ang asawa ay may malakas na personalidad, ito ay maaaring magkaroon ng impluwensiya sa kanyang maybahay. Ang pinakamalamang na palagay ay mahihikayat ang maybahay sa Islam ngunit maaari ring mangyari ang kabaligtaran. Sapagkat maaaring ang maybahay ay nangungunyapit sa kanyang pananampalataya at ginagawa ang inaakala niyang ipinahihintulot ng kanyang relihiyon gaya ng pag-inom ng alak, pagkain ng baboy, at paggawa ng bagay na ipinagbabawal ng Islam. Sa pamamagitan nito ay

nawawasak at nasisira ang isang pamilyang Muslim at lalaki ang mga bata sa paraang salungat sa Islam. Maaari ring mas masahol pa rito ang mangyari kung sadyaing isama ng panatiko at nagmamatigas na maybahay ang kanyang mga anak sa asawang Muslim sa simbahan, ipakita sa kanila ang ang mga pagsambang Kristiyano, at pahalagahan naman nila iyon. Ang kinalakihan ay kinasasanayan.

2. **Ang mga epekto sa lipunang Muslim:** Ang pagdami ng mga asawang Kristiyano sa loob ng lipunang Muslim ay isang mapanganib na bagay. Ang panganib nito ay dala ng panghihina ng sambayanang Muslim kaalinsabay ng pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga bansang Kristiyano. Ang mga babaeng ito sa ganitong kalagayan ay nagsisilbing mga sugo ng mapanganib na pananakop pangkaisipan sa loob ng sambayanang Muslim na magbubunga ng pagkasira at pagkawasak nito. Kabilang din sa panganib na kanilang dala ang mga ginagawa nilang kaugaliang Kristiyano na pinangungunahan ng paghahalubilo ng mga kalalakihan at mga kababaihan kalakip na rito ang mga halos hubad na mga kasuutan at mga gawaing salungat sa mga katuruan ng Islam.

## Bakit Kailangan ang Diborsiyo

### Ang Diborsiyo Bilang Solusyon

Ang diborsyo sa Islam ay ginawa bilang panghuling solusyon upang wakasan ang mga alitan ng mag-asawa

kapag naghari na ang mga di-pagkakasundo sa kanila, naging madalas na ang pag-aaway, nanlamig na sila sa isa't-isa, at nawala na ang pag-asang sila ay magkasundo anupa't nawalan na ng halaga at kabuluhan ang relasyon nila bilang mag-asawa. Kapag nagkagayon, ang diborsiyo ay magsisilbing maginhawang lunas para sa kanilang dalawa. Bagaman binigyan ng Islam ng pagkakataon ang bawat isa sa mag-asawa na maghiwalay, ito naman ang tagubilin ni Allah: ***"Magtalaga kayo ng isang tagahatol buhat sa pamilya ng lalaki at isang tagahatol buhat sa pamilya ng babae. Kung kapwa nila nais na muling magkasundo, pagkakasunduin silang dalawa ni Allah."***

## Bago Mag-asawa at Pagpili ng Asawa

Ipinag-uutos ng Islam sa mga nag-iisip na mag-asawa na gawin nila ang abot ng kanilang makakaya na gawing maligaya ang kanilang buhay. Hinihimuk silang pagbutihin ang pagpili ng mapapangasawa, na dapat ito ay isang mabuting babae at mapagmahal. Sisikapin din ng nagnanais na mag-asawa na tingnan ang babae nang sa gayon ay hindi sila manibago sa isa't isa. Hinihimok din ang magulang o tumatayong magulang ng babae na pilian siya ng isang lalaking tapat sa Islam, magandang makitungo at may mabuting ugali. Ang sabi ng Sugo (SAS): **"Kapag nagsadya sa inyo ang isang lalaking ikinasisiya ninyo ang kanyang pagtupad ng kanyang tungkulin sa Islam (upang hingin ang**

**kamay ng inyong anak na babae), ipaasawa ninyo (ang inyong anak) sa kanya. At kung hindi ninyo gagawin iyon, magkakaroon ng tukso sa lupa at malaking katiwalian."**

Hinihimok ng Islam ang mag-asawa na maging matiisin. Pinapaalaala ng Islam ang isang mahalagang bagay na ang pagkayamot sa maybahay ay hindi dapat ang siyang maging dahilan upang hiwalayan ng lalaki ang kanyang maybahay. Sa halip dapat pang palawakin ng isang Muslim ang kanyang pang-unawa nang sa gayon ay makapagtayo sila ng isang tahanang pinaghaharian ng habag. Wika nga ng Sugo (SAS): ***"Hindi dapat kasuklaman ng isang mananampalataya ang sumasampalatayang maybahay na sapagkat kung may kinayayamutan man siya sa ugali nito, masisiyahan naman siya sa iba (nitong ugali)."***

## Ang Diborsiyo sa Kamay ng Lalaki

Inilagay ng Islam ang diborsiyo sa kamay ng lalaki. Tama at angkop lamang ito dahil tungkulin niyang gumastos para sa kanyang maybahay at tahanan. Siya ang nagbibigay ng *mahr* at mga gastusin sa kasa kayal dahil dito, siya ang papasan ng kapinsalaan, *financially and morally,* kapag sinuong niya ang diborsiyo. Ang lalake ay karaniwang mas may malawak na pananaw sa maaaring kahihinatnan at mas mahinahon sa sandali ng galit at pagsiklab ng damdamin. Dahil dito, hindi niya pangangahasan ang diborsiyo liban na lamang kung

nawalan na siya ng pag-asang maging maligaya sa piling ng kanyang maybahay at bagaman nalalaman niya ang idudulot na kapinsalaan ng diborsiyo at ang kinakailangang gastusin sa muli niyang pag-aasawa. Kung sakaling ilalagay ang diborsiyo sa kamay ng babae, guguho ang buhay ng mag-asawa at mawawasak ang pamilya. Ito ay dahilan sa ang babae ay may maselang damdamin, madaling mayamot, at madaling matangay ng galit anupa't mas mabilis siyang maghamon ng hiwalayan kaysa lalaki. Wala siyang gaanong sukat na ikababahala sapagkat wala namang kapinsalaang *financial* sa panig niya. Ang patakaran sa kasunduan ng pag-aasawa ay sasang-ayon ang lalaki at babae na sila ay maging mag-aswa at papayag ang babae na ang karapatan ng diborsiyo ay nasa lalaki alinsunod sa mga limitasyong itinakda ng Islam. Kaya kung isasagawa man ng lalaki ang karapatan niyang magdiborsiyo, isinasagawa niya lamang ang karapatang kaloob sa kanya ni Allah.

Maaaring abusuhin ng isang lalaking Muslim ang paggamit ng karapatan sa diborsiyo anupa't isasagawa niya ito upang magpakaligaya lamang sa isang bagong babae. Subalit walang gumagawa ng ganito kundi ang taong may masamang kalooban at may mahinang pananampalataya. Kaya hindi makatuwirang hilinging pawalang bisa ang isang mabuting sistema dahil lamang sa ilang abang kaluluwa na inaabuso ang paggamit nito.

## Ang Karapatan ng Babaeng Humingi ng Diborsiyo

Ang isang bababe ay hindi na napasasailalim sa awa ng lalaki na siyang nagmamay-ari ng karapatang magdiborsiyo dahil binuksan ng Islam ang mga pinto para mapasok niya ang maginhawang buhay. At para naman sa isang miserable at kapus-palad na babaeng may malupit at masamang asawa, binigyan naman siya ng karapatang humingi ng diborsiyo kapag naramdaman niyang mahirap nang magpatuloy ang kanilang buhay-mag-asawa at ikasisiya niyang hiwalayan ang kanyang asawa nang may pagsang-ayon nito at pagsang-ayon niya. Kailangang lamang magbigay ang babae sa lalaki ng kabayarang panumbas sa mga kapinsalaan sanhi ng diborsiyo. Ito ay sa pamamagitan ng *khula`* (na atin nang nabanggit). Binuksan din sa kanya ang daang upang hilingin sa hukuman na magbaba ng hatol na naghihiwalay sa kanya at sa kanyang asawa kapag dumating na ang puntong hindi na niya matiis na mabuhay sa piling nito.

## Kinasusuklaman sa Islam ang Diborsiyo

Kinasusuklaman ng Islam ang diborsiyo. Sabi nga ni Propeta Muhammad (SAS): "**Inilagay ni Satanas ang kanyang trono sa ibabaw ng tubig at pagkatapos ay isinusugo niya ang kanyang mga kampon (para maghasik ng kasamaan sa mga tao). Gagawin niyang malapit sa kanya ang sinuman sa kanila na may malaking kapinsalaang nagawa. Kapag may**

**dumating na isa sa mga kampon nito at ang sasabihin ay: 'Ganito at ganoon ang aking nagawa,' Ang sasabihin ni Satanas dito ay: 'Wala kang nagawa.' At kapag may dumating na isa pa sa mga kampon niya at ang sasabihin nito ay: 'Hindi ko siya (ang asawa) nilubayan hanggang hindi ko sila napaghiwalay ng kanyang maybahay.' Palalapitin ito ni Satanas at yayakapin at sasabihing: 'Oo, ikaw nga.' "** Ipinatupad ng Sugo (SAS) ang diborsiyo hindi upang mag-anyayang paglaruan ang mga limitasyong itinakda ni Allah. Sabi nga niya (SAS): **"Bakit kaya may mga taong pinaglalaruan ang mga limitasyong itinakda ni Allah anupa't ang sinasabi ng isa sa kanila (sa kanyang maybahay): 'Hiniwalayan na kita.' Pagkatapos nito ay binalikan niya at saka muling hiniwalayan.' "**

## Ang Polygyny*

### Ang Polygyny sa mga Sinaunang Kabihasnan

Ang *polygyny* ay lumitaw na halos kasabay ng sangkatauhan. Umiiral na ito noon sa mga sinaunang batas at mga sinaunang lipunan ng tao anupa't ginagawa rin ito ng mga Hudyo at Kristiyano na tulad ng mga Griego, Chino, taga-Babilonia, taga-Assyria, taga-India at pati na rin ang

---

*Ang Polygyny ay salitang Ingles na ang kahulugan ay ang pagkakaroon ng isang lalaki ng higit sa isang maybahay.

mga Arabe bago pa man isinilang ang huling Propeta ng Islam na si Muhammad (SAS). May dalawang katangian ang *polygyny* noong unang panahon: walang limitasyon ang bilang ng asawa at napasasailalim ang babae sa inhustisya. Inalis ng Islam ang inhustisyang ginagawa noon sa babae at nilimitahan ang *polygyny* hanggang sa apat na maybahay.

## Ang Takot Kay Allah

Ang takot kay Allah na siyang pinakadakilang ugnayang maaaring maibatay at maituwid ang buhay ang siyang pinagbabatayan ng Islam sa relasyon ng tao kay Allah. Naikintal sa isipan ng isang tunay na Muslim na siya ay nakikita at binabantayan ni Allah sa bawat sandali at ang kanyang mga gawa, masama man o mabuti, ay itinatala at sa araw ng pagkabuhay na muli siya ay gagantimpalaan ayon sa kanyang mga nagawa. Ang ganitong sistema ng edukasyon ay ang kahanga-hangang sistema na nalaman ng sangkatauhan.

Ang babae sa kanyang tahanan, kapag nag-iisa at walang nagmamasid sa kanya, ay maaaring makagawa ng hindi mabuti kapag siya ay nakadama ng pangangailangang seksuwal habang wala ang kanyang asawa. Ngunit ang pag-alaala lamang kay Allah ay sapat na upang siya ay manginig sa takot at mangamba.

Habang ginagampanan ng isang tunay na Muslim ang kanyang mga gawain at pinakikitunguhan ang mga taong nakapaligid sa kanya -- kabilang na roon ang kanyang asawa o mga asawa -- at pinangangasiwaan

ang kanyang pamamahay, nadarama niyang si Allah ay nagmamasid sa kanya. Kaya siya ay natatakot kapag inudyukan siya ng kanyang sarili na lumihis o lumayo sa landas ng katuwiran at lumabas sa timbangan ng katarungan.

## Ang Katarungan sa mga Asawa

Nang ipinahintulot ng Islam ang *polygyny*, gumawa naman ito ng mahigpit na kondisyon. Ang kondisyong ito ay tungkol sa isyu ng katarungan sa mga asawa. Pinaaalalahanan ng Islam ang isang Muslim na mag-isip-isip muna nang matagal bago maglakas-loob na pasukin ang *polygyny*. Ang sabi nga ni Allah sa banal na Qur'an: ***"Mag-asawa kayo ng mga babaeng kinalulugdan ninyo; dalawa o tatlo o apat. Subalit kung kayo ay nangangamabang hindi magiging makatarungan, isa na lamang."*** Sa puntong ito ay susuriin ng isang Muslim ang kanyang isipan, emosyon, damdamin at saka ang bahaging *finanacial*. Tatanungin niya ang kanyang sarili kung kaya ba niyang gampanan ang hinihiling na katarungan alinsunod sa mga pagsusuring iyon. Kung nadarama niyang may kahinaan ang kanyang sarili, nararapat na ang silakbo ng init ng kanyang katawan ay hindi manaig sa kahinahunan ng isipan sapagkat ang init ng katawan ay panandaliang kaligayahan lamang at ang pagiging di-makatarungan sa mga asawa ay kasalanang pananagutan sa kabilang buhay.

Ang usapin ng katarungan ay isang masalimuot at mahirap na isyu sapagkat maaaring manaig ang emosyon at ang isipan ay maging sunod-sunuran na lamang dito. Ang tao ay likas na mahina. Kaya sa puntong ito ay inilagay ng Islam ang makatotohanang limitasyon.

Bagaman inoobliga ang isang Muslim na maging makatarungan kapag mayroon siyang higit sa isang asawa at ito ay ginawang kondisyon sa *polygyny*, hindi naman siya pananagutin sa mga bagay na hindi niya kayang kontrolin tulad halimbawa ng pagmamahal (sa isang asawa na mas matimbang kaysa iba) o ano mang may kaugnayan dito. Ngunit kaalinsabay nito, siya ay inoobligang maging mulat upang hindi matisod ang kanyang paa.

## Mga Bagay na Nagbubunsod sa Polygyny

May mga pangangailangang nagbubunsod sa *polygyny*. At ang mga pangangailangang ito ay maaaring personal tulad halimbawa ng isang lalaking may asawang baog o may karamdaman o matigas ang ulo o mahabang magregla o ang isang babae ay hindi sapat upang punan ang kanyang pangangailangang seksuwal. Maitatanong natin ano kaya ang mabuti sa maybahay na ito, ang siya'y manatili sa piling ng kanyang asawa at ito nama'y mag-asawa ng iba pa o hiwalayan na lamang siya?

Ang *polygyny* ay maaari ring para sa kagalinagan ng isang [illegible]. Tulad halimbawa ng sobrang [illegible]

mga babae na sanhi ng mga digmaang kumikitil sa maraming buhay ng mga lalake. Ang digmaang pandaigdigan ay nag-iwan ng 25 milyong balo sa Europa. Mas mainam kayang magpakasakit ang mga babaeng ito at mapilitang maghanap ng kanilang ikabubuhay at magpakahirap habang namumuhay nang miserable, nagdurusa at aba o mas mabuting maging ikalawa o ikatlong asawa ng mga lalaking mangangalaga sa kanila?

Mayroon ding mga pangangailangan sa panig ng mga kababaihan mismo na nagbubunsod sa *polygyny*. Mapupuna na tuloy-tuloy ang paghihigit ng bilang ng mga babae sa bilang ng mga lalake sa maraming mga lipunan. Kaya sa pamamagitan ng pagtutuos ay matatanto nating upang mapangalagaan natin ang karanglan at kalinisan ng babae ang *polygyny* ay kailangan.

Samantalang patuloy pa rin ang mga bansang kanluranin sa pagpula sa *polygyny* at pagtuya sa hakbang na ito ay gawing legal, may mga estadista at mga *philosopher* doon na ipinagbubunyi ang *polygyny* at nanawagang ipatupad ito upang malunasan ang pighati na dumapo sa babae at ang kadustaang sumapit sa kanya. Nalathala sa pahayagang "Lagos Weekly Record" mula sa panulat ng isang babaeng manunulat ang artikulong ito:

"Dumarami na ang mga babaeng ligaw sa ating mga kabataang babae at lumaganap na ang kalamidad na ito ngunit kakaunti lamang ang mga tumutuklas sa mga kadahilanan nito. Bilang isang babae, nakikita ko ang aking sariling nakatingin sa mga kabataang babaeng yaon habang ang aking puso ay nadudurog sa lungkot at habag sa kanila. At ano ang mahihita ng mga kabataang ito sa aking lungkot, pighati, panaghoy, at hinagpis at kahit na makiramay man sa akin ang lahat ng mga tao?! Wala pa ring mapapala maliban na lamang kung kikilos upang pigilin ang karamuldumal na sitwasyong ito."

## Ang Polygyny at ang mga Pantas

Anong galing ng isang pantas sapagkat nakita niya ang sakit at nagmungkahi ng lunas na siyang lubusang makapagpapagaling dito. Ang lunas, wika niya, ay "Pahintulutan ang lalaking mag-asawa ng higit sa isa. At sa pamamagitan nito ay maglalaho ang kalamidad at ang ating mga anak na babae ay magiging mga reyna ng tahanan."

Ang sabi pa nga ng bantog na Alemang philosopher na si Schopenhauer sa kanyang aklat (Isang Kataga Tungkol sa Kababaihan): "Ang babaeng buhat sa mga bansang ipinahihintulot ang *polygyny* ay hindi nawawalan ng asawang kakalinga sa kanya samantalang ang mga babaeng may asawa dito sa atin (Alemanya) ay kakaunti at ang walang asawa ay hindi mabilang.

Makikita mong wala silang tagakalinga. May mga babaeng buhat sa mataas na antas ng lipunan na tumandang dalaga nang tuliro at nagdurusa. At may mga mahihinang nilalang buhat sa mababang antas ng lipunan na nagdaranas ng mga hirap at nagtitiis ng mabibigat na mga gawain. At baka magbili pa sila ng aliw at mamuhay nang miserable, nakalubog sa kahihiyan at kadustaan. Sa lungsod lamang ng London ay may walong libong mga kalapating mababa ang lipad. (Ito ay noong kapanahunan ni Schopenhauer (1788-1860) kaya papaano na lamang ngayon!!) Ibinuhos ang dugo ng kanilang karangalan sa altar bilang biktima ng sistemang nililitahan sa isa ang pag-aasawa at bunga na rin ng pagmamatigas ng babaeng taga-Europa at ang mga walang kabuluhang pinagsasabi nito."

## Ang Pagdami ng Babae

Noong nilipol ng digmaan ang mga kabataan ng Alemanya na pinamumunuan noon ni Hitler, dala ng masidhing pangangailangan ay napag-isipan ni Hitler na gumawa ng hakbang na magpupuno sa teribleng kakulangan ng mga kalalakihan na yumanig sa buhay ng kanyang bansa anupa't wala na siyang mapagpipilian kundi ang gumawa ng batas na magpapahintulot sa *polygyny*. Nalathala sa pahayagang Al-Ahram (isang bantog na pahayagan sa Egipto) na may petsang Disyembre 13, 1960 na "May natuklasang dokumentong sulat-kamay ni Martin Burman na kanang

kamay ni Hitler, na sinulat noong taong 1944. Ang sabi niya: 'Pinag-iisipan nang mabuti ni Hitler na pahintulutan ang lalakeng Aleman na mag-asawa nang legal ng dalawa upang magarantiyahan ang hinaharap ng lakas ng sambayanang Aleman.'"

Napuna ng ilang mga taga-kanluran na ang pagiging marami ng mga babae at ang pananatili nilang walang asawa kaalinsabay ng pakikihalubilo nila sa mga lalake sa mga pinagtatrabahuhan ay isang malaking panganib na lumitaw ang mga resulta sa immoralidad at pagkalansag ng mag-anak na lumagananp sa mga bansang kanluranin. Ito ay nagsisilbing isang panganib na nagbabanta ng pagbagsak ng sibilisasyong iyon. Pati na ang babaeng taga-Europa, matapos na magtiis sa pagiging hampaslupa at pasanin ang hindi naaangkop sa kanyang kalikasan, ay nakatikim pa siya ng mga kapighatiang nagbunsod upang maging isa pa sa mga nananawagan sa *polygyny*. May demonstrasyong ginawa ang mga kababaihan sa Alemanya pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdigan noong 1945. Hinilang ng mga kababaihang sa demonstrasyong ito na gumawa ng batas na magpapahintulot sa isang lalake na magkaroon ng maraming asawa nang sa gayon ay mapangalagaan ang babaeng Aleman sa prostitusyon.

## Ang Polygyny at ang babae

Ang lipunan sa ngayon ay puno ng mga babaeng walang asawa na lumampas na ang edad sa edad ng pag-aasawa. Ang marami sa kanila ay nagdurusa at

binabalot ng kalungkutan habang tumatakbo ang oras at walang lumalapit sa kanila upang hingin ang kanilang kamay. Bagaman may mga babaeng inuulit-ulit ang sinasabi ng ibang diumano'y kasamaan ng *polygyny*, sa kaibuturan ng kanilang puso ay pinananabikan nila ang pag-aasawa yamang ito ay isang mahigpit at likas na pangangailangan. May maraming babae na nag-aasam na magkaroon ng asawa kahit pa sila'y maging ikalawa o ikatlo o ikaapat na lamang upang matugunan ang kanilang likas na pangangailangang magkaroon ng anak at asawa. Natatakot silang mapag-iwanan ng panahon na hindi natutugunan ang gayong pangangailangan. Kung ating pag-iisipan lamang nang matagal ang bagay na ito, makikita natin ang peligrong maaaring ibunga ng pagdami ng babae at ng hindi nila pagkakaroon ng mga asawa. Ito ay isang peligrong walang nakaaalam kung gaano ito kalaki kundi si Allah lamang. Tunay ngang ang *polygyny* ang pinakamainam na paraan sa pagpawi nitong nakatatakot na peligro. Anong ganda ang sinabi ni Albahi Alkhuli sa kanyang aklat (Ang babae sa Tahanan at sa Lipunan):

"Ang pagbaba ng bilang ng kalalakihan kung ihahambing sa bilang ng kababaihan ay magbubunga ng suliranin para sa mga kababaihang walang asawa. Kaya kung ang bawat lalaki ay magkakasya na lamang sa isang babae, ano ang gagawin sa mga natitirang babae? Maaari silang maghanapbuhay kung hindi sila kayang suportahan ng lipunan. Subalit sa panig ng mga

kababaihan ang krisis ay hindi ang krisis lamang sa pagkain at inumin kundi krisis na sanhi ng pagkauhaw na dulot ng pangangailangang seksuwal na kailan man ay hindi maaaring ipagpawalang-bahala o tiisin!!"

## Ang mga Nagnanais Ipagbawal ang Polygyny

Ang mga lalaki't babae sa atin na nananawagan sa pagbabawal ng *polygyny* ay nalalaman nang maigi ang kalagayang ito. Nalalaman nilang tinangka na ng Europa na lutasin ito sa pamamagitan ng pagwawalang-bahala sa pangangalunya at pagbibigay-luwag sa nagnanais mangalunya. Tinangka nilang lutasin ito sa pamamagitan ng pagkilala sa mga napulot na itinapong mga batang anak sa labas na siyamg pumupuno sa mga ospital at mga bahay-ampunan. Nalalaman nila ang lahat ng ito ngunit patuloy pa rin sila sa panawagan nilang ipagbawal ang *polygyny*. Wari bagang "Ang legal na pag-aasawa para sa kanila ay mas mahalay pa kaysa pangangalunya" at wari bagang ang lihitimong anak para sa kanila ay mababa ang karangalan kaysa batang napulot lamang sa lansangan. Sa puntong ito ay nagiging malinaw na para sa atin ang tunay na kulay ng kahihinatnang ibig nila para sa atin sa pamamagitan ng mga nakalalasong mga propagandang iyon."

وصلى الله وسلم وبارك على سيدنا ونبينا محمد وعلى آله

وصحبه أجمعين.

# أخي الكريم وأختي الكريمة

ندعوكم للمشاركة في إنجاح أعمال المكتب وتحقيق طموحاته من خلال إسهامكم بالأفكار والمقترحات والدعم المادي والمعنوي.

**فلا تحرم نفسك الأجر بالمشاركة في دعم أعمال المكتب**

## الدال على الخير كـــ... فاعله

| م | إسم الحساب | رقم الحساب | غرض الحساب |
|---|---|---|---|
| ١ | التبرعات العامة | ١٩٥٦٠٨٠١٠١٠٢٠٠٧ | خاص بتسيير أعمال المكتب كمثل رواتب الدعاة والعاملين وخدمات أخرى |
| ٢ | تبرعات المكتب | ١٩٥٦٠٨٠١٠١٠٦٥٥٢ | خاص بطباعة الكتب والمطويات وغيرها |
| ٣ | تبرعات الزكاة | ١٩٥٦٠٨٠١٠١٠٨١٣٧ | خاص بأصناف الزكاة |
| ٤ | مقر المكتب | ١٩٥٦٠٨٠١٠١٣٣٥٥٦ | خاص بتشييد مباني المكتب |

الحساب الموحد لجميع [redacted]) لدى مصرف الراجحي

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بسلطانة
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
هاتف: ٤٢٤٠٠٢٢ ناسوخ: ٤٢٥١٠٠٥ ص ب ٩٢٦٧٥ الرياض ١١٦٦٣ بريد إلكتروني E.mail : Sultanah22@hotmail.com

ردمك ٩-٢-٨١٣٠-٩٩٦٠

0 0 3 0 0 8